- Ang pagsusuri ng balat para sa tuberkulosis ay ginagawa upang malaman kung ikaw ay may mga mikrobyo ng tuberkulosis sa iyong katawan.
- Hindi masasabi ng pagsusuri kung ikaw ay may aktibong sakit na tuberkulosis.
- Kakailanganin mo ng mga karagdagang pagsusuri kung positibo ang pagsusuri ng iyong balat para sa TB.

VIRGINIA DEPARTMENT OF HEALTH
Protecting You and Your Environment
www.vdh.state.va.us

http://www.vdh.state.va.us/epi/tb

_____
_____
_____
_____

[“What is a TB Skin Test?”]
Tagalog

Ika-8 ng Nobyembre, 2002

Ano ang Pagsusuri ng Balat para sa TB?

Ang pagsusuri para sa TB ay isang payak na pagsusuri!

Paano isinasagawa ang pagsusuri?

Ginagamit ang isang maliit na karayom upang ipasok ang ilang materyal sa pagsusuri, tinatawag na tuberculin, sa ilalim ng balat ng iyong braso. Hindi ka magkakaroon ng TB mula sa materyal sa pagsusuri.

Pagkaraan ng 2 o 3 araw, kailangan mong bumalik at patingnan ang iyong braso sa isang tagaserbisyo ng pangangalagang pangkalusugan.

Ano ang kahulugan ng aking mga resulta?

Ang pagsusuri sa iyo ay maaaring "**positibo**" kung ikaw ay may maliit na bukol sa iyong braso. Susukatin ng isang tagaserbisyo ng pangangalagang pangkalusugan ang iyong bukol at ipapasiya kung positibo ang pagsusuri sa iyo. Kung ang pagsusuri sa iyo ay **positibo**, kailangan mo ng mga karagdagang pagsusuri, tulad ng rayos-ekis (x-ray) ng dibdib, upang malaman kung ikaw ay may **impeksyon ng TB o sakit na TB.**

Ang pagsusuri sa iyo ay "**negatibo**" kung wala kang bukol sa iyong braso. Ito ay nangangahulugan na maaaring wala kang mga mikrobyo ng TB sa iyong katawan. **PERO**, kung ikaw ay laging malapit sa isang taong may aktibong sakit na TB, maaaring kailanganin mong muling magpasuri.